Republic of the Philippines
CITY GOVERNMENT OF MUNTINLUPA
Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa

U.P. LAW CENTER
OFFICE of the NATIONAL ADMINISTRATIVE REGISTER
Administrative Rules and Regulations

REGISTERED APR 25 2025 No. 25-0473
ONAR Registration
TIME: BY:

OFFICE OF THE SECRETARY
SANGGUNIANG PANLUNGSOD
MUNTINLUPA CITY, PHILIPPINES
CERTIFIED TRUE COPY
FROM THE ORIGINAL
DATE: 22 APR 2025 BY: Julia Slaboc

KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 2024-151

KAUTUSAN NA INAAMYENDAHAN ANG KAUTUSANG PALUNGSOD BILANG 96-80 O ANG KAUTUSAN NA NAG-AATAS SA LAHAT NG KOMPANYA/BAHAY KALAKAL NA NAGNENEGOSYO SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA NA SA PAGTANGGAP NG KARANIWANG KAWANI (RANK AND FILE), ANG HINDI BABABA SA PITUMPUNG PORSIYENTO (70%) NG MANGGAGAWA AY DAPAT RESIDENTE NG LUNGSOD

****

Pinanukala nina: ***Kgg. Kon. Cornelio M. Martinez***
Kgg. Kon. Mggl. Raul R. Corro
Kgg. Kon. Alexson V. Diaz
Kgg. Kon. Paty Katy C. Boncayao
Kgg. Kon. Mggl. Rachel Katriel Ann C. Arciaga
Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon
Kgg. Kon. Ting Niefes
Kgg. Kon. Jedidiah R. Presnedi, LPT
Kgg. Kon. Ivee Rhia A. Tadefa
Kgg. Kon. Mark Lester M. Baes
Kgg. Kon. Francis Ian T. Bagatsing
Kgg. Kon. Inhr. Marissa C. Rongavilla
Kgg. Kon. Inhr. Mamerto T. Sevilla, Jr.
Kgg. Kon. Inhr. Arlene D. Hilapo
Kgg. Kon. Rodolfo W. Moldez, Jr.
Kgg. Kon. Jonas Angelo L. Abadilla - SK President
Kgg. Kon. Allen F. Ampaya – LB President

****

SAPAGKAT, alinsunod sa itinadhana ng Seksiyon 16 ng Local Government Code na ang bawat Pamahalaang Lokal (LGU) ay nararapat na magpatupad ng mga kinakailangang kapangyarihan na makakatulong sa pag-unlad ng kabuhayan at magtaguyod ng hanapbuhay, pag-eempleyo at pagkakakitaan para sa mga mamamayan nito;

SAPAGKAT, isinabatas ng Sangguniang Panungsod ng Muntinlupa noong ika-15 ng Agosto taong 1996 ang Kautusang Panlungsod Bilang 96-80 na naglalayon na masugpo ang lumalaganap na kawalan ng hanapbuhay sa lungsod at mabigyan ng pagkakataong kumita ang mga walang trabaho na residente ng Muntinlupa sa paraang marangal;

SAPAGKAT, pinagtibay rin ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang Kautusan Bilang 08-028 na nag-amyenda at nagpalawak ng saklaw ng Kautusang Panlungsod Bilang 96-80 sa pamamagitan ng pagbaba ng kailangan na kabuuang bilang ng mga kawani ng bawat Bahay Kalakal/Kumpanya mula sa dating sampung (10) kawani ngayon ay limang (5) kawani na lamang;

SAPAGKAT, alinsunod sa itinadhana ng Kautusang Panlungsod Bilang 96-80 ang kailangang pitumpung porsiyento (70%) ay tumutukoy lamang sa mga karaniwang kawani (rank and file employees) ng bawat kumpanya/bahay-kalakal;

OFFICE OF THE SECRETARY
TO THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD
MUNTINLUPA CITY
CERTIFIED TRUE COPY
FROM THE ORIGINAL
DATE 22 APR 2025 BY: Julia Siaboc

SAPAGKAT, kaakibat ng layunin ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa na mabigyan ng pagkakataon na makapagtrabaho ang bawat Muntinlupeño na ang layunin rin na pangalagaan at panatilihin ang maayos at mapayapang pagnenegosyo at pangangalakal ng mga kompanya at bahay-kalakal sa Lungsod;

NGAYON, DAHIL DITO, PINAGPAPASIYAHAN AT PINAGPAPASYAHAN ng ika-10 Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang mga sumusunod:

SEKSIYON 1. Ang **Seksiyon 2** ng Kautusan Bilang 96-80 na nagtatakda ng saklaw/sakop ng ordinansa ay inaamyendahan sa pamamagitan ng pagdaragdag (**amendment by addition**) ng sumusunod:

(D) HINDI SAKLAW NG KAUTUSAN NA ITO ANG INDUSTRIYA NG BANKING AT ANUMANG MGA INDUSTRIYA NA IPINAG-UUTOS NG BATAS NA PANA PANAHON MAGPALIT NG MGA EMPLEYADO (PERIODIC FORCED ROTATION OF EMPLOYEES).

SEKSIYON 2. Ang Seksiyon 6 ng Kautusang Bilang 96-80 na nagsasaad:

Seksiyon 6. Ang Mga Kompanya Na Umiiral O Naitayo Na Bago Pa Nagkabisa Ang Kautusang Ito Ay Kinakailangang Magsumite Ng Taunang Ulat Ng Kompletong Talaan Ng Mga Kawaning Nagtatrabaho. Ito Ay Isusumite Sa Tanggapan Ng Pahintulot At Lisensiya (BPLO), Sa PESO At Sangguniang Panglungsod Sa Pamamagitan Ng Komite Ng Paggawa Tuwing Nobyembre Ng Bawat Taon.

NGAYON AY BABASAHIN:

SEKSIYON 6. ANG MGA KOMPANYA NA NASA LOOB NG HURISDIKSYON NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA MAGING ANG MGA BAHAY-KALAKAL NA NAKIKIPAGKONTRATA O KUMUKUHA NG KARANIWANG KAWANI SA AHENSIYA NA ANG URI NG HANAPBUHAY AY MAGKALOOB NG SERBISYO (SERVICE AGENCY), SUBALIT ANG LUGAR NG ESTABLISIMYENTO AY HINDI NASASAKOP NG MUNTINLUPA AY KINAKAILANGAN NA MAGSUMITE NG TAUNANG ULAT NG KUMPLETONG TALAAN NG KANILANG EMPLEYADO. ITO AY ISUSUMITE SA PESO NA HINDI LALAMPAS SA IKA-30 NG SETYEMBRE NG BAWAT TAON.

OFFICE OF THE SECRETARY
TO THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD
MUNTINLUPA CITY
CERTIFIED TRUE COPY
FROM THE ORIGINAL
DATE: 2 APR 2025 BY: Julia Siaboc

ANG TALAAN NA ISUSUMITE NG MGA BAHAY KALAKAL NA BINABANGGIT SA ITAAS AY IPAGKAKALOOB NAMAN NG PESO SA BUSINESS PERMITS AND LICENSING OFFICE (BPLO) HANGGANG NOBYEMBRE NG BAWAT TAON AT SIYANG MAGIGING BASEHAN NG PAGPAPATAW NG KAUKULANG PARUSA/PENALTY/INSENTIBO.

SEKSIYON 3. Ang Seksiyon 7 (k) ng Kautusang Panlungsod Bilang 96-80 na nagsasaad ng mga sumusunod:

> *"K. Impormasyon Na Dapat Taglayin Ng Isusumiteng Talaan Ng Karaniwang Kawani.*
>
> 1. *Taon Gulang (Edad) Ng Kawani*
> 2. *Kasalukuyang Tirahan*
> 3. *Tagal Ng Serbisyo Sa Kumpanya*
> 4. *Kasalukuyang Posisyon, Tungkulin At Gawain Sa Kompanya*

NGAYON AY BABASAHIN:

K. IMPORMASYON NA DAPAT TAGLAYIN NG ISUSUMITENG TALAAN NG KARANIWANG KAWANI:

1. ***PANGALAN***
2. ***EDAD***
3. ***KASARIAN***
4. ***KASALUKUYANG TIRAHAN***
5. ***TAGAL NG SERBISYO SA KUMPANYA***
6. ***KASALUKUYANG POSISYON, TUNGKULIN AT RESPONSIBILIDAD SA KOMPANYA***
7. ***PWD***
8. ***SENIOR CITIZEN***
9. ***RASON/DAHILAN KUNG BAKIT HINDI NAABOT ANG 50% COMPLIANCE RATING***

SEKSIYON 4. ***Pagkolekta at Pag-uulat ng Datos*** - ang sensitibong personal na impormasyon at impormasyon ng pribilehiyo (privileged information) ay dapat pangasiwaan alinsunod sa Republic Act 10173 o mas kilala bilang Data Privacy Act of 2012. Ang Data Privacy Notice ay dapat ibigay sa tao na ang datos ay isasama sa ulat. Ang mga taunang ulat ay dapat isumite sa Pamahalaang Lungsod sa pamamagitan ng Public Employment and Service Office (PESO).

№25-0473

OFFICE OF THE SECRETARY
TO THE SANGGUNIANG PANLUNSOD
MUNTINLUPA CITY
CERTIFIED TRUE COPY
FROM THE ORIGINAL
DATE: 22 APR 2025 BY: Julia Glaboc

SEKSIYON 5. ***Mga Insentibo.*** Ang mga establisiyemento, bahay-kalakal o negosyo na nakapagpunan o nakapaghirang sa mga posisyong rank and file na mga residente ng Muntinlupa, ayon sa mga bahagdan (percentage) isinasaad sa ibaba, ay pagkakalooban ng mga sumusunod:

1. Sertipiko ng Pagsunod para sa nakapagtala ng 70% bilang ng empleyado/kawani;

2. Plake ng Pagkilala sa para sa pagkamit ng isang daang porsiyento (100%) at iba pang karagdagang insentibo;

3. Sa nagkamit ng 100 porsiyento, ang nangungunang 10 na may pinakamaraming bilang ng mga empleyado ay bibigyan ng isang espesyal na pagkilala at makakatanggap ng libreng *digital advertisement* at *exposure* sa social media platforms ng Pamahalahaang Lungsod ng Muntinlupa;

SEKSIYON 6. ***Exceptions.*** Maaaring kumuha ang isang kumpanya ng hindi Muntinlupeño kahit hindi pa nila nakamit ang *minimum* na porsiyento na itinakda sa ordinansang ito kung mayroon itong katanggap-tanggap na rason at kung makikipag-ugnayan ito sa PESO o iba pang mga programa ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa. Sa naturang pagkakataon, ang kompanya kabilang na ang mga industriya na nabanggit sa Seksiyon 2 (d) ng kautusang ito ay inaatasan na kumuha ng Certificate of Exemption para sa naturang empleyado mula sa PESO o sa Muntinlupa Investment Board (MIB) o Muntinlupa Local Economic and Investment Promotion Office (LEIPO).

SEKSIYON 7. Implementing Rules. Inaatasan ng Kautusang ito na ang Tanggapan ng Ehekutibo ang siyang maghahanda/magsasagawa ng **pamantayan at alituntunin (*Implementing Rules and Regulations)* sa pamamagitan ng** Tanggapan ng *Public Employment Service Office* (PESO) at koordinasyon sa Tanggapan ng Pahintulot at Lisensiya sa Pangangalakal.

SEKSIYON 8. Mga Multa Para sa Pagkaantala O Kabiguan Sa Pagsumite Ng Mga Ulat. Bawat rehistradong kompanya ay magbabayad ng multa para sa pagkaantala o hindi pagsunod sa reportorial requirements na itinatadhana ng ordinansa:

a. Multang Php2,000.00 para sa Hindi Pagsumite Ng Listahan Ng Mga Empleyado;

b. Multang Php1,000.00 Sa Hindi Pagsunod Sa Utos Na Hindi Bababa Sa Limampung Porsiyento (50%) Ng Kabuuang Bilang Ng Manggagawang Muntinlupeño;

SEKSIYON 9. Anumang kautusan o kapasiyahan na salungat o hindi naayon sa mga probisyon ng Kautusang ito ay pinawawalang bisa.

OFFICE OF THE SECRETARY
TO THE SANGGUNIANG PANLUNSOD
MUNTINLUPA CITY
CERTIFIED TRUE COPY
FROM THE ORIGINAL
22 APR 2025
BY: Julia Siaboc

SEKSIYON 10. Ang Kautusang Panlungsod na ito ay magkakabisa labinlimang (15) araw matapos mapagtibay, maipaskil at mailathala sa pahayagan na may lokal na sirkulasyon at maipatala sa maga bulletin boards ng Pamahalaang Lungsod at iba pang pampublikong lugar sa loob ng labinlimang (15) araw.

ISINABATAS, ng ***10th Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong **ika-29** ng **Enero 2024,** sa kanilang ***ika-80th Regular na Pagpupulong.***

SUMANG-AYON:

DISTRITO 1:

KON. ALEXSON V. DIAZ
Miyembro

KON. PATY KATY C. BONCAYAO
Miyembro

KON. MGGL. RACHEL KATRIEL ANN C. ARCIAGA
Miyembro

KON. ALLAN REY A. CAMILON
Miyembro

KON. TING NIEFES
Miyembro

KON. JEDIDIAH R. PRESNEDI, LPT
Miyembro

KON. IVEE RHIA A. TADEFA
Miyembro

DISTRITO 2:

KON. MARK LESTER M. BAES
Miyembro

KON. FRANCIS IAN T. BAGATSING
Miyembro

KON. INHR. MARISSA C. RONGAVILLA
Miyembro

OFFICE OF THE SECRETARY
SANGGUNIANG PANLUNGSOD
MUNTINLUPA CITY
CERTIFIED TRUE COPY
FROM THE ORIGINAL
22 APR 2025
Julia Siaboc

KON. INHR. MAMERTO T. SEVILLA, JR.
Miyembro

KON. INHR. ARLENE D. HILAPO
Miyembro

KON. CORNELIO M. MARTINEZ
Miyembro

KON. RODOLFO W. MOLDEZ, JR.
Miyembro

Kinatawan ng Sektor:

KON. ALLEN F. AMPAYA
Pangulo
Liga ng mga Punongbarangay

KON. JONAS ANGELO L. ABADILLA
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

PINATOTOTOHANAN KO, ang katumpakan ng **Kautusan** ito.

CECILIA C. LAZARTE
Kalihim para sa Sanggunian

PINATUTUNAYAN:

KON. MGGL. RAUL R. CORRO
Tumatayong Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal

PINAGTIBAY:

ARTEMIO A. SIMUNDAC
Tumatayong Punonglungsod

Petsa: 05 FEB 2024

Norie/10th SP